

Kung Paano Titingnan ang Pagganap sa Isang Paaralan o Distrito sa 2024 Dashboard



1. Maa-access ang Dashboard ng Paaralan sa California sa <https://www.caschooldashboard.org/>.
2. Para makita ang mga resulta sa isang paaralan o distrito, ilagay ang pangalan ng paaralan o distrito sa search bar.

Alamin ang mga impormasyon tungkol sa iyong lokal na paaralan at distrito.

Hanapin Paaralan o Distrito	Malapit Siyudad o County	2023	Q
-----------------------------	--------------------------	------	---

3. Kapag napili ang isang paaralan, ipapakita ang pangkalahatang pagganap nito sa mga pagsukat ng estado. Kung napili ang isang distrito, ipapakita ang pangkalahatang pagganap nito sa parehong estado at lokal na mga pagsukat. Available lamang ang mga lokal na tagapagpahiwatig para sa mga distrito, tanggapan ng edukasyon sa county, at charter school.

Antas ng Pagtatapos  Berde	Sining ng Wikang Ingles  Kahel	Matematika  Kahel	Mga Pangunahin: Mga Guro, Mga Materyales sa Pagtuturo, Mga Pasilidad NATUGUNAN ANG PAMANTAYAN
--	--	---	--

4. Matatagpuan ang impormasyon tungkol sa populasyon ng estudyante sa ibaba ng pangkalahatang pagganap.

MATUTO PA Pagpapatala	MATUTO PA Mga Maralita	MATUTO PA Mga Mag-aaral ng Ingles	MATUTO PA Mga Inaalagaang Kabataan
6,002,523	60.3%	17.7%	0.5%
Tingnan ang Karagdagang Impormasyon →			

5. Kasunod ng impormasyon ng populasyon ng estudyante ay ang mas detalyadong impormasyon sa bawat estado at lokal na pagsukat. Inorganisa ang mga estado at lokal na pagsukat sa tatlong salik: Pagganap sa Akademiko, Pakikilahok sa Akademiko, at Mga Kondisyon at Klima.

Sa sample card na ibinigay, nakatanggap ang paaralan ng Berdeng Antas ng Pagganap para sa Tagapagpahiwatig ng Antas ng Pagtatapos dahil sa kasalukuyang taon, 93.5 porsyento ng mga estudyante ang nagtapos, at nagkaroon ng pagtaas sa antas ng pagtatapos ng 2.1 porsyento mula sa nakaraang taon.

Sa ibaba ng card ay ang Ulat sa Equity. Ang ulat sa equity ay malinaw na nagpapakita ng bilang ng pangkat ng mag-aaral na inilagay sa bawat Antas ng Pagganap (kulay) para sa pagsukat ng iyon. Sa Ulat ng Equity sa sample card ng Tagapagpahiwatig ng Antas ng Pagtatapos na ibinigay, walang grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Pula (pinakamababang pagganap), isang grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Kahel, walang grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Dilaw, pitong grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Berde, at isang grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Asul (pinakamataas na pagganap).

6. Piliin ang **Tingnan ang Higit Pang mga Detalye** na button sa ibaba ng Ulat ng Equity para sa detalyadong impormasyon kung paano gumanap ang mga grupo ng estudyante sa tagapagpahiwatig na iyon. Sa sample card na ibinigay, nakatanggap ang grupo ng Mga Maralitang mag-aaral (na may 2,936 na mag-aaral) ng Berdeng Antas ng Pagganap dahil sa kasalukuyang taon, 93.5 porsyento ng mga estudyante ang nagtapos, at nagkaroon ng pagtaas sa antas ng pagtatapos ng 1.8 porsyento mula sa nakaraang taon.

Para sa higit pang impormasyon sa estado at lokal na mga pagsukat at sa Ulat ng Equity, tingnan ang mga sumusunod na flyer sa web page ng Kagawaran ng Edukasyon ng California (CDE) Dashboard ng Toolkit ng Komunikasyon sa

<https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/dashboardtoolkit.asp>:

- Pagkilala sa Dashboard ng Paaralan sa California
- Pag-alam sa Ulat ng Equity

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang webpage ng Dashboard ng Paaralan sa California at Sistema ng Suporta ng CDE sa <https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp>.

Kontakin ang Dibisyon ng Pag-uulat ng Analysis, Pagsukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa dashboard@cde.ca.gov.

MATUTO PA Antas ng Pagtatapos

Lahat Ng Mag-Aaral

Estado



Berde

93.5% nagtapos

Nadagdagan 2.1% Ⓢ

ULAT SA EQUITY

Bilang ng mga Grupo ng Mag-aaral sa Bawat Kulay

0	1	0	7	1
Pula	Kahel	Dilaw	Berde	Asul

Tumingin pa ng Mas Maraming Detalye →

Mga Maralita

Grupo Ng Mag-Aaral

Estado



Berde

93.5% nagtapos

Nadagdagan 1.8% Ⓢ

Bilang ng mga Mag-aaral: 2,936

